## Pagreresiklo ng mga basura mula sa pagkain

Maaaring makagawa ang mga ito ng panangkap para sa pakain sa mga hayop, pataba at pag-aabono atbp.
Para sa mga negosyong nagtatapon ng basura mula sa pagkain, pagbukud-bukurin ayon sa uri at ihiwalay ang mga nareresiklo.
Sa karagdagan, ayon sa Batas ng Pagreresiklo ng Pagkain, hanggat maaari, ang mga wholesaler at retailer ng mga pagkain, mga restoran at iba pang negosyo na nagbebenta ng pagkain, ay kailangang magresiklo ng mga basura mula sa mga pagkain.

*Ang lungsod ay may pribadong recycling facility, nangangahulugang ang siyudad ay may kakayahang gumawa ng sarili nilang resources.
*Para sa mga detalye patungkol sa pagtatapon at pagsasaayos ng mga basura ay maaaring magtanong sa mga naatasang kolektor ng bawat lugar.

## Recycle ng uri ng mga sanga ng punong kahoy

Ang mga naputol na sanga, pinagtabasan ng damo at mga lagas na dahon ay maaaring magamit bilang paningas, pataba at paggawa ng abono sa pamamagitan ng pagpira-piraso sa mga ito, atbp.
Pakiusap sa mga negosyong nagpuputol ng mga sanga, nagtatabas ng damo atbp. na pagbukud-bukurin ang mga basurang nareresiklo.

*Ang lungsod ay may pribadong recycling facility, nangangahulugang ang siyudad ay may kakayahang gumawa ng sarili nilang resources.
*Para sa mga detalye patungkol sa pagtatapon at pagsasaayos ng mga basura ay maaaring magtanong sa mga naatasang kolektor ng bawat lugar.

### Pangkalahatang koleksyon at transportasyon ng basura ng mga may permisong kolektor

- Nagoya City website https://www.city.nagoya.jp/

→ Paghahanap ng site: 許可業者 [検索]

- Nagoya General Waste Business Cooperative
(☎052-961-5383)

### Industrial Waste Disposal Office

- Nagoya City website https://www.city.nagoya.jp/

→ Paghahanap ng site: 産業廃棄物処理業者 [検索]

- Aichi Industrial Resource Recycling Association
(☎052-332-0346)

## Listahan ng mga kompanyang kolektor ng basurang puwedeng gawing Resources (Sa walang partikular na pagkakasunod-sunod)

| | | |
|---|---|---|
| Lumang papel, mga kompidensyal na dokumento | Aichi Ken Waste Paper Cooperative | ☎052-533-2371 |
| | Nagoya Recycling Cooperative | ☎052-582-3990 |
| | Nagoya Recycable Resources Cooperative | ☎052-228-9371 |
| Nabubulok na basura | Chubu organic recycling Co., Lid. (animal feed) | ☎052-725-9200 |
| Pagbabawas ng mga sanga | Nagoya Port Lumber Warehouse, Inc. | ☎052-611-9700 |
| Lumang tela at mga kauri nito | Aichi Ken Recycled Textile Cooperative | ☎052-441-3763 |
| Mga lumang piraso o retaso ng bakal | Aichi Prefecture Iron Scrap Processing Cooperatives | ☎052-586-3681 |
| Mga bote | Chubu Bottle Quotient Federation | ☎052-381-6201 |
| | Takai Glass Raw Materials Wholesaler Union | ☎0587-66-6451 |

## Listahan ng opisina sa bawat Ward

Oras ng opisina 8:00 am hanggang 4:45 pm (area code 052)

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Environmental Office ng Chikusa | ☎771-0424 | Environmental Office ng Higashi | ☎723-5311 | Environmental Office ng Kita | ☎981-0421 | Environmental Office ng Nishi | ☎522-4126 |
| Environmental Office ng Nakamura | ☎481-5391 | Environmental Office ng Naka | ☎251-1735 | Environmental Office ng Showa | ☎871-0504 | Environmental Office ng Mizuho | ☎882-5300 |
| Environmental Office ng Atsuta | ☎671-2200 | Environmental Office ng Nakagawa | ☎361-7638 | Environmental Office ng Minato | ☎382-3575 | Environmental Office ng Minami | ☎614-6220 |
| Environmental Office ng Moriyama | ☎798-3771 | Environmental Office ng Midori | ☎891-0976 | Environmental Office ng Meito | ☎773-3214 | Environmental Office ng Tempaku | ☎833-4031 |

**Nagoya City Environmental Affairs Bureau**
**Resource Circulation Promotion Division**
460-8508 Nagoya-shi Naka-ku Sannomaru 3-1-1
TEL 052-972-2390 (direct) *Kung maaari lamang na ang pagtawag sa telepono ay sa wikang hapon lamang.
FAX 052-972-4133
E-mail a2297@kankyokyoku.city.nagoya.lg.jp

SUSTAINABLE DEVELOPMENT GOALS
世界を変えるための17の目標
12 つくる責任 つかう責任
ターゲット 12.5
2030 年までに、廃棄物の発生防止、削減、再生利用及び再利用により、廃棄物の発生を大幅に削減する。

Ginamit ang ni-recyle na papel sa leaflet na ito (kabilang ang sapal na lumang papel)
Inilathala noong Abril 2024

# Paraan ng Pagtatapon ng Basura mula sa Gawaing Pangnegosyo

**Mula sa Nagoya para sa lahat ng mga negosyanteng industriyal**

- Hindi kinokolekta ng lungsod ang mga basura ng mga negosyo. (Maliban sa ilang mga nareresiklo)
- Ang mga nasusunog na basura at iba pang pangkalahatang basura ay dapat na pamahalaan ng mga kumpanyang lisensyadong mangolekta at maghakot ng mga ito.
- Basurang industriyal tulad ng plastik ay kokolektahin ng mga kolektor na ma permiso para dito.
- Iresiklo ang mga papel, nabubulok na basura at iba pang mga bagay na maaaring maresikulo.

## Responsibilidad ng mga operator

Tindahan, opisina, factory, ospital, eskuwelahan, pampublikong pasilidad, mga basurang mula sa mga negosyo, marami man o konti ay responsibilidad ng pasilidad kung saan manggagaling ang mga basurang ito.

- ○ May mga basurang galing sa ordinaryong tahanan na bagamat konti lang ay hindi pupuwedeng kolektahin ng kolektor ng siyudad. (bukod dilo ang mga puwedeng i-recycle na basura)
- ○ Kung ang tirahan ay siya ring lugar ng negosyo, paghiwalayin ang basura mula sa negosyo at basura mula sa sambahayan.

At kinakailangan ding makiisa sa tamang pagri-recycle upang mabawasan ang dami ng basurang itatapon.

- ○ Ang pagsunod sa patakaran ng pagbukod-bukod ng mga basura ay magbibigay daan sa pagdami ng mga puwedeng i-recycle na basura na puwedeng gawing resources.
- ○ Ang pagbabawas ng basura at pagreresiklo ay magpapababa ng gastusin sa pamamahala ng pagtatapon ng basura.
- ○ Ipinapakiusap ang aktibong pakikiisa sa pagbabawas ng basura.

## Pag-uuri ng mga Basura mula sa Negosyo

**Basura mula sa Negosyo**

- **Pangkalahatang Basura**
  - Basurang nasusunog o basurang hindi nasusunog
  - Basurang puwedeng gawing resources (lumang papel)
  - → Paraan ng pagsasaayos: Gawing reperensya ang nakasulat sa ibaba
- **Basurang Industriyal**
  - Ang dalawampung uri ayon sa batas at ordinansa
    ●Putik ●Slag ●Uling ●Abo ●Lumang Asido ●Lumang alkalina ●Lumang langis ●Durog na mga bato ●Iskrap na mga salamin at seramik ●Iskrap na metal ●Lumang plastik ●Iskrap goma ●Iskrap papel* ●Pinagkataman na kahoy* ●Retaso ng tela* ●Mga labi ng hayop at halaman* ●Solidong latak mga hayop* ●Tae at ihi ng hayop* ●Patay na hayop* ●At mga iskrap ng semento, atbp.
    *Ay mga espisipakadong pasilidad o kompanya
  - → Paraan ng pagsasaayos: Sariling pagtatapon ng basura o pagkontrata sa kumpanyang nagtatapon ng basurang industriyal

Subalit ang mga lumang papel, metal na basura, bote at kauri nito, mga retaso ng tela na maaaring i-recycle ay maaaring ipagkatiwala sa naatasang lolektor nito.

## Paraan ng Pagtatapon ng mga Basura mula sa Negosyo (Pangkalahatang Basura)

### Maaaring ipagkatiwala ang pangkalahatang koleksiyon ng basura at ang transportasyon nito sa mga naatasang mangolekta (ang mga may permisong kolektor) nito.

Ang basurang nasusunog, basurang hindi nasusunog, basurang puwedeng i-recycle upang maging resources, ang pagbu-bukod nito ayon sa klasipikasyon ng basurang itatapon ay kokolektahin ng mga may permiso at kontratadong kolektor.

* Ang pagpapahakot sa mga hindi lisensyadong kumpanya ay paglabag sa Batas sa Pagtatapon ng Basura.

**Ang bayad sa koleksiyon, transportasyon, at pagtatapon**

**Ang bayad ng koleksiyon, transportasyon, at pagtatapon ay maaaring itanong sa mga naatasang kolektor.**

Gayundin naman

### Pagdadala ng mga Basura sa Treatment Facility ng Lungsod

Paghiwalayin ang mga basura ayon sa kategoryang nasusunog at hindi nasusunog. Pagkatapos makumpleto ang mga proseso sa Environmental Office sa Ward kung saan nagmula ang basura, dalhin sa planta ng sunugan (incineration plant), ang mga hindi nasusunog na basura sa planta ng yupian (crushing plant).

*Ang mga basurang puwedeng maging resources ay hindi puwedeng dalhin sa mga pasilidad na ito.
*Makipag-ugnayan sa Environmental Office ng bawat Ward para sa detalye kung paano hahakutin ang mga basura.

**Ang bayad sa pagtatapon ng mga basura sa mga pasilidad ng bawat siyudad**

Ang 10 kilo ay 200 Yen, gayundin naman ang 1 cubic meter naman ay 4,000 Yen
*Kung ang bigat ng basura bawat cubic meter ay kulang sa 200 kilo, ang halagang babayaran ay katumbas ng halagang singil sa 1 cubic meter.



シャチのジュンちゃん

フィリピン語

Siyudad ng Nagoya

# Basura mula sa Negosyo・Paraan sa Pagbubukod ng Narereresiklong Basura


## Narereresiklo

**Ang mga uri ng basurang ito ay hindi kokolektahin bilang ordinaryong basura. Pagbukurin ang bawat uri ng basura at i-recycle.**

Para sa mga tiyak na detalye tungkol sa pagbubukod ng mga basura, makipag-ugnayan sa lisensyadong kumpanya o kumpanyang nagre-resikulo na kinontrata ninyo na maghakot ng inyong basura.

### Lumang papel


Diyaryo, magasin, kahon o karton depende sa pamantayan ng bawat processor, may paraan ng pagtatapon ng mga papel na ginagamit sa opisina at shredded paper. Maaaring magtanong sa processor ukol dito.



- Diyaryo
- Karton
- Karaniwang papel na ginagamit sa opisina
- Magasin (Mga libro, booklet at pampleto)
- Sarisaring papel (Postcards, envelopes, business cards, memo paper, paper bags, wrapping paper, candy boxes, etc.)
- Papel na na-shred na o dumaan sa shredding machine
- Kompidensyal na dokumento (May paraan ang pagri-recycle ng mga kompidensyal na dokumento upang mapanatili ang pagiging kompidensyal nito.)

### Mga basurang hindi dapat pagsamahin o paghaluin

Maaaring i-recycle ang mga papel.Mag-ingat sa pagbubukod depende sa uri nito. (Para sa mga karagdagang detalye magtanong sa processor)



- Paper cup
- Paple na nakabalot ng plastik
- Peel-off postcards (Mga sobreng maaaring buksan)
- Mga may carbon paper sa likod
- Oil paper
- Clip na bakal at iba pang kauri nito
- File na may mga bakal

### Maaaring kolektahin ng siyudad ang mga basura mula sa sambahayan na nakalista sa ibaba kung kakaunti lamang.

| Ang tinutukoy na "kaunting dami ng mga basura mula sa sambahayan" ay... | Tulad ng pagtatapon ng basura mula sa sambahayan, ang dami ng basura bawa't kategorya ng **basura galing sa negosyo ay katumbas ng nakatalagang supot na 45L bag sa bawat araw ng pangongolekta** (20L sa bawa't linggo para sa mga spray can). |
|---|---|

<Paalala> Kung hindi umaayon ang dami ng basura sa tinutukoy na "kaunting dami ng mga basura mula sa sambahayan", tumawag ng isang kumpanyang mamamahala sa pagtatapon ng mga ito.

#### Boteng walang laman





Pang-inumin, pang-pagkain, pang-make-up

#### Latang walang laman





Delatang inumin, delatang pagkain

#### Spray na lata at mga kauri nito




Spray na lata at mga portable gas


#### Plastic bottle




Plastik na bote ng inumin na may markang PET


Maaaring hayaan na nakadikit lamang ang mga hindi natatanggal na label.

#### Narereesiklong mga plastik




Mga plastik na lalagyan at pakete – mga produktong yari lamang sa plastik.

#### Mga lalagyan at paketeng yari sa papel・Sarisaring papel



Maliliit na papel, pambalot na papel, kahon ng kendi, supot na papel, karton ng juice (na may aluminum foil), atbp.

**<Mga dapat tandaan sa pag-tatapon ng mga recyclable na basura ayon sa pamantayan ng siyudad.>**

- ○Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa araw at lugar ng koleksyon, makipag-ugnayan sa Environmental Works Office ng inyong distrito na pagmumulan ng basura.
- ○Kinokolekta sa bawat bahay ang mga spray can at ang mga bagay na gawa sa plastik. Kailangang mag-apply sa Environmental Works Office ng bawat distrito na pagmumulan ng basura.
- ○Ilagay sa naaayong supot ang mga recyclable na basura.
- ○Ang mga nareresiklong papel (maliban sa ilan) ay hindi kinokolekta ng lungsod. Makipag-ugnayan sa lisensyadong kontratista kumpanyang nagreresikulo na pinagkakatiwalaang mangolekta.


## Basura


**Ang mga plastik, goma, metal, glass, seramiko, atbp. na mula sa mga gawaing pang-negosyo ay mga basurang industriyal. Humingi ng pahintulot sa pagtatapon ng mga basurang industriyal.**

Subalit, maaaring ipagkatiwala lamang sa lisensiyadong kontratista ang pagtatapon ng mga nasusunog at hindi nasusunog na basura, at mga mapanganib at madaling magliyab na basura na may katangian at dami ng basurang nailalabas na tulad ng sa sambahayan.

### Mga basurang nasusunog


Ilagay ang basurang nasusunog sa supot ayon sa pamantayan ng bawat kolektor ng siyudad




**Basura mula sa pagkain (food waste)**

●Maaari ring maresiklo ang mga basura mula sa pagkain. Tingnan ang likod ng pahina.




**Papel na hindi puwedeng i-recycle** (Tisyu,mga disposable diapers)




**Mga likas na hibla・Mga yari sa balat** (Damit, bag at kauri nito)

### Mga basurang hindi nasusunog

Ilagay ang mga basurang hindi nasusunog sa supot (angkop na supot para sa basurang hindi puwedeng bunugin) na naaayon sa pamantayan ng bawat kolektor ng siyudad.




**Bakal at iba pang kauri nito** (Baterya (mga bateryang hindi rechargeable)・stationaries・payong at mga kauri nito)




**Babasaging bote at seramiko at iba pang kauri nilo** (Mga kagamitan sa pagkain, plorera at mga kauri nito)




**Plastik, goma at iba pang kauri nito** (Stationaries, gomang guwantes)

### Delikadong bagay na puwedeng pagmulan ng apoy

**Maaaring maging dahilan ng pagsisimula ng sunog! Siguraduhing ibukod sa iba pand basura!**






- **Mga disposable lighter**
- **Bateryang lithium** (mga bateryang hindi rechargeable)
- **Solid fuel** (mga de-lata)


● Mga sigarilyong plnalinit Elektronik na sigarilyo (E-cigarette)

<Paalala>
Plastik, mga yari sa goma, bakal, babasaging bote, seramiko at mga kauri nito ay itinuturing na basurang industriyal. Humiling ng pagtatapon ng basurang industriyal.


Subalit, ang mga burnable garbage, non-burnable gabage, at mga basutang galing sa ordinaryong tahanan na maaring pagmulan ng apoy ay maaaring itawag sa mga kolektor na magtatapon nito.

### Malalaking basura

Ang malalaking basura na malaki pa sa 30 cm ay hindi maaaring itapon bilang nasusunog o hindi nasusunog na basura. Sumangguni sa lisensiyadong kumpanya na namamahala sa pagpoproseso.



Mga gamit sa bahay na gawa sa kahoy




Mga gamit sa bahay na gawa sa bakal

Appliances o kagamitang de-kuryente

<Paalala> Plastik, mga yari sa goma, bakal, babasaging bote, seramiko at mga kauri nito ay itinuturing na basurang industriyal. Humiling ng pagtatapon ng basurang industriyal.


### Flourescent Tubes / Mercury Body Thermometer / Mercury Thermometer



<Paalala> Humiling ng pagtatapon ng basurang industriyal

Subalit, kung ang mga bumbilyang fluorescent ay kasing-uri ng mga basura sa sambahayan (mga 40w na pahaba at bilog na bumbilyang fluorescent), at kung ang dami ng itatapon ay halos pareho lamang ng basura ng karaniwang sambahayan (kaunting bumbilya lamang), maaaring dalhin ang mga ito sa lugar na itinakda ng lungsod para makolekta.
Para sa detalye, sumangguni sa website ng lungsod.


### De-kuryenteng Kasangkapan sa Bahay na Sakop ng Batas sa Pagreresiklo (Hindi kasama ang mga kagamitang pang-industriyal.)



Aircon / TV o telebisyon / Refrigerator o Freezer / Washing Machine / Laundry Dryer

1. **Ito ay itatawag at iri-request sa mga electric appliances store.**
   Kung magpapalit ng mga appliances, maaari ding ipakuha ang mga itatapong lumang gamit mismo sa electric appliance store na bibilhan ng mga bagong gamit.
   *May kaukulang bayad ang pag-ri-recycle at transportasyon ng mga basurang ito.
2. **Dalhin ang basura sa itinalagang lugar ng pagkokolektahan**
   Pagkatapos bayaran sa Post Office ang kaukulang halaga para sa Recycle, dalhin ang basura sa kaukulang lugar para dito.
   *May kaukulang bayad ang pag-ri-recycle subalit wala nang bayad ang transportasyon ng mga basurang ito.
3. **Ito ay itatawag at iri-request sa mga industrial waste disposal company.**
   Ito ay itatawag at iri-request sa mga industrial waste disposal company.
   *May kaukulang bayad ang pag-ri-recycle at transportasyon ng mga basurang ito.

### Personal Computer



Makipag-ugnayan sa bawat pabrika para sa serbisyo ng pagreresikulo o direkta sa kumpanya ng pagtatapon ng basurang industriyal.

### Maliliit na home electronic devices

Ang mga maliliit na kasangkapan na kinokolekta ng lungsod na may kaparehong kalidad at dami ng itatapon gaya ng sa isang sambahayan ay maaaring ilagay o itapon sa nakatakdalng kahon sa Ward Office. Para sa detalye, bisitahin ang opisyal na website ng lungsod.

**Ang mga basura・ mga nareresiklo mula sa negosyo ay hindi kinokolekta ng lungsod (maliban sa ilang mga nareresiklo para sa ibang gamit nito.) Responsibilidad ng mga nagnenegosyo ang pagtatapon ng basura nang maayos.**